

Monthly Paper para sa Foreign Residents

No. 356 | Nobyembre 2024

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website♪



Instagram♪



Consultation Counter
for Foreign Residents

ISKEDYUL	9:00am – 4:30pm, Lunes hanggang Biyernes
SAAN	Koshigaya City Hall Main Building 3 rd floor, sa opisina ng Community Activity Support Section
WIKA	English, Chinese, Filipino, Vietnamese & Simple Japanese *May available na online interpreters para sa ibang wika
IMPORMASYON	Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA), ☎048-963-9114

Tungkol sa MYNA Health Insurance Card

Ang MYNA Health Insurance Card ay ang My Number Card na gagamitin bilang health insurance card, at ito ay tinatawag sa *Nihongo* na MYNA HOKENSHO.

- ☑ Kailangan ipa-rehistro na gagamitin ang My Number Card bilang health insurance card.
- ☑ Ang pagpa rehistro ay pwedeng gawin sa *reception counter* ng mga ospital, klinika at pharmacy o bilihan ng gamot na may reseta ng doktor.
- ※ Ang pag-isyu ng health insurance card ay mahihinto simula Disyembre 2.
- ※ Ang kasalukuyang health insurance card ay magagamit hanggang isang taon sa loob ng *expiration date* nito.

Papadalhan ng 'ELIGIBILITY CERTIFICATE' na magagamit bilang health insurance card kung:

- ☑ Walang My Number Card o di kaya nag expire ang validity My Number Card
- ☑ Merong My Number Card ngunit hindi ito napa rehistro bilang health insurance card
- ※ May mga indibidwal na kailangan mag-apply ng ELIGIBILITY CERTIFICATE.

Para sa detalye, tingnan sa website ng Koshigaya.

IMPORMASYON: National Health Insurance and Pension Section (KOKUHO NENKIN KA)

Kung membro ng National Health Insurance, ☎048-963-9146

Kung membro ng Health Insurance System for the Elderly, ☎048-963-9170



Website

My Number Card application support counter para sa mga walang My Number Card

Counter na magbibigay suporta mula sa pagkuha ng larawan hanggang sap ag-isyu ng card.

▶ ORAS: 8:30am – 5:00pm (Maliban kung Sabado, Linggo at holidays)

▶ SAAN: Koshigaya City Hall Main Building 1st Floor, Citizens Affairs Section, My Number Card Counter

IMPORMASYON: Citizens Affairs Section, My Number Card Counter (SHIMIN KA)

City Hall Main Building 1F, ☎048-940-8604

Fire Department Festival

KAILAN: Nobyembre 14, Huwebes

1:30pm ang simula

SAAN: AEON Laketown kaze 1F, *Hikari no Hiroba*

MGA PALABAS AT IBA PA:

- *Fire Department Band presentation
- *Photo corner
- *Hands-on experience (CPR at paggamit ng AED, Pagtawag ng 119 tuwing emergency)
- *Awarding ceremony ng fire prevention poster contest

IMPORMASYON: Fire Department (SHOBOSHO)

☎048-974-0136



Paghahanda para sa mga alagang hayop sa panahon ng disaster o kalamidad

Sa panahon ng disaster o kalamidad, ang mga pet ang nangangailangan din ng pangangalaga ng mga may-ari nito. Bilang sakop ng pamilya, maging handa rin para sa mga alagang hayop at iba lalo na sa pagtugon ng anumang disaster at iba pa.

IMPORMASYON: Environmental Health Section (SEIKATSU EISEI KA), ☎048-973-7532



Disaster Preparedness Corner

Ihanda na maging shelter ang sariling bahay sa panahon ng sakuna o kalamidad

Importante na ihanda ang sariling tahanan na maging shelter sa panahon ng disaster at emergency dahil mas kumportable at mapanatag kung nasa sariling bahay sa panahon ng emergency kumpara sa temporaryong maninirahan sa evacuation shelter at iba pa.

Mga kailangan ihanda at dapat naka-stock sa bahay:

① Emergency food at tubig na inumin



② Portable toilet at iba pang sanitary goods na pwedeng gamitin sa



③ Emergency light at portable na lutuan



④ Cellphone apps, Radio, TV at iba pa na pwedeng mapagkunan ng impormasyon



IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)

City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285

Free Entrance Campaign on November 14, Thursday 'Prefectural Citizens Day'

SAAN / IMPORMASYON	ORAS
Hanataen ☎048-962-6999	9:00am - 4:00pm *Last admission, 3:00pm
Campbelltown Forest of Wildbirds ☎048-979-0100	9:00am - 4:00pm *Last admission, 4:30pm
Nakamura Family's House in Former Higashikatamura & Former Nakamura Family's House in Omanocho ☎048-963-9315 (Lifelong Education Section)	9:00am - 5:00pm *Last admission, 4:30pm

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Simula nang lumamig ang simoy ng hangin at ang taglagas. Kumusta kayo? Ako si Pham Huu Tuan na mula sa bansang Vietnam. Nagtatrabaho ako sa Koshigaya bilang Coordinator for International Relations.

Siguro ay naranasan mong pasasalamat sa iyong guro. Ngunit, bihira lang na ang mga estudyante ay magbibigay ng bulaklak at iba pang mga regalo para sa kanilang guro lalo na dito sa Japan. Ibabahagi ko ngayon ang pagdiriwang sa Vietnam ng "ARAW NG MGA GURO".

Simula pa nung unang panahon, pinapahalagahan ng bansang Vietnam ang kultura na pagbigay galang sa mga guro. Ito ay dahil ang mga guro ay may impormatanteng papel sa lipunan na ginagampanan. At ito ay ang pagtuturo sa kabataan at bagong henerasyon ng iba't ibang mahalagang kaalaman at moral.

Noong Setyembre 28, 1982, inedeklara ng gobyerno ng Vietnam ang pagdiriwang ng [Araw ng mga guro] tuwing Nobyembre 20. Ang araw na ito ay pagbibigay puri sa mga guro na nagsisikap para sa edukasyon ng mga kabataan o bagong henerasyon. Isa rin itong oportunidad ng muling pagbibigay halaga ng pag-aaral, kaalaman, paggalang at pagbibigay dangal sa mga guro at iba pa na nagsisikap para sa edukasyon.



Sa panahong ito, ang mga estudyante ay abala sa paghahanda ng bulaklak, message card at iba pang regalo bilang simbolo ng kanilang pasasalamat. Maraming paaralan ang nagkakaroon ng thanksgiving ceremony at ang mga estudyante ay sumasayaw, kumakanta, nagbabasa ng tula, nagbabahagi ng kanilang *inspirational stories* sa mga guro at iba pa. May mga *alumni* din na bumisita sa paaralan upang muling ipahayag ang kanilang pasasalamat at panalangin ng mabuting kalusugan para sa mga guro.

Ang araw ng mga guro ay hindi lamang upang palawakin ang kaugnayan ng guro at estudyante kundi isa ring oportunidad ng muling pagpapatibay ng edukasyon para sa kaunlaran ng bansa. Maliban sa Vietnam, maraming bansa rin ang may nakatakdang araw sa pagpaparangal ng mga guro. Isa dito ang araw ng pagdeklara ng UNESCO ng 'World's Teacher's Day' tuwing Oktobre 5. Sa bansang China ay Setyembre 10, sa Korea ay Mayo 15 at sa Amerika ay mayroong teacher's week sa buwan ng Mayo.

May iba't ibang paraan ng pagdiriwang bawat bansa. Ngunit ang mga ito ay may iisang layunin at ito ay ang pagpapasalamat at pagbibigay galang sa mga guro.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Nobyembre

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
3	4	5	6 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	7	8 ☆Nihongo de Go!②	9 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
10	11	12	13 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	14	15 ☆Nihongo de Go!①	16 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
17	18	19	20 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	21	22 ☆Nihongo de Go!②	23 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
24	25	26	27 ☆Nihong Circle	28	29	30

NIHONGO CIRCLE [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	KAILAN: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM – 12:00 noon SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F IMPORMASYON: ☎080-5405-9191 (Tanaka-san)	
KOSUMO NIHONGO SALON ¥100/lesson	KAILAN: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM – 8:30 PM SAAN: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (Kojima-san)	
NIHONGO DE GO! [¥100/lesson]	KAILAN: Tuwing Biyernes, 1:30 PM – 3:30 PM SAAN: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (Takayama-san)	
LINGUAL KOSHIGAYA (Libre) *Mag-text bago magpunta.	KAILAN: Tuwing Sabado, 10:00 AM – 12:00 noon SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (Suzuki-san)	
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU (Libre)	KAILAN: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan) 4F IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (Ogawa-san)	
KOSUMO KODOMO KYOSHITU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI (Libre)	KAILAN: Tuwing Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) SAAN: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (class in-charge)	